**Hyacinth R. Aranda**

2021-46149

**Assignment 2: Paglalatag ng Paksa, Suliranin, Layunin, at Katanungan**

Unang Paksa:

**Sila at si Ella sa Mahiwagang Maynila: Isang Pagsusuri ng *Transmediality* ng mga Tauhang Mitolohikal sa Komiks Serye at Animadong Pelikula ng Ella Arcangel ni Julius Villanueva**

Ang Ella Arcangel ay isang komiks serye ni Julius Villanueva patungkol sa isang batang babaeng nagngangalang Ella, na nakikipagdigma sa mga *supernatural* na nilalang mula sa mitolohiya ng Pilipinas, sa madilim na bersyon ng Maynila. Ang komiks serye na ito ay nagkaroon ng *animated adaptation* na pinangunahan ng Studio Naratibo at inilabas noong taong 2022: umani ng parangal at papuri ang likhang sining sa dalawang larangan (komiks serye at *animated film*) at patuloy na nakikilala sa iba't ibang bansa. Layunin ng papel na ito na suriin ang *transmediality* ng mga tauhang mitolohikal sa Ella Arcangel sa dalawang magkaibang midyum, at ang paglalarawan sa kanila sa kontemporaryong sining.

Katanungan:

1. Ano ang naging paglalarawan sa mga mitolohikal na karakter ng Ella Arcangel sa parehong komiks serye at *animated film*?

2. Ano ang mga manipestasyon ng kontemporaryong Pilipinas at sining sa pagbuo ng mga karakter na ito?
3. Paano nakatulong ang paglakip ng *transmedia storytelling* sa Ella Arcangel upang mapaunlad ang *cultural relevance* at impluwensya nito sa madla?

Layunin:

1. Masuri ang paglalarawan sa mga mitolohikal na karakter ng Ella Arcangel sa parehong komiks serye at *animated film.*
2. Matukoy ang mga umiiral na simbolo sa kontemporaryong sining at Pilipinas sa mga mitolohikal na karakter ng Ella Arcangel.
3. Masuri ang aplikasyon ng *transmediality* sa pagbuo ng mga mitolohikal na karakter sa Ella Arcangel.
4. Matukoy kung paano nakatulong ang mitolohikal na elemento ng mga karakter sa Ella Arcangel upang mapalawak ang *genre* ng *Filipino folklore* sa kontemporaryong sining.

Ikalawang Paksa:

**Wansapanataym: Pagsusuri sa Perspektibo ng Kabataan sa Escolta Manila sa Kwentong Bayan ng Kolonyal na Pilipinas**

Ang Maynila ang nagsilbing sentro ng kalakalan sa panahon ng pananakop ng Espanyol, habang ang Escolta naman ang maituturing na pinakamatandang lansangan sa nasabing lungsod. Nasaksihan ng lansangan ang mahabang kasaysayan na pinagmulan ng kulturang mayroon tayo ngayon, partikular na ang pag-usbong ng mga

kwentong narinig ng iba’t ibang salinlahi. Dahil dito, ang pag-aaral na ito ay naglalayong siyasatin ang perspektibo ng mga makabagong batang Escolta sa mga alamat at kwentong bayan na umusbong sa panahon ng kolonyalismo, at suriin ang bersyon nito sa kasalukuyang panahon.

Katanungan:

1. Ano ang papel ng mga alamat at kwentong bayang umusbong sa panahon ng kolonyalismo sa araw-araw na pamumuhay ng kabataan sa Escolta sa aspeto ng kasaysayan at pamanang kultural?
2. Paano maiuugnay ng kabataan ang mga alamat at kwentong bayan sa panahon ng kolonyalismo sa kontemporaryong mundo?
3. Anong elemento ng alamat at kwentong bayan ang nakahahalina sa kabataan?

Layunin:

1. Matukoy ang iba’t ibang alamat at kwentong bayan sa panahon ng Espanyol na kilala at kinikilala ng mga batang nakatira sa Escolta.
2. Masuri ang perspektibo ng kabataan sa Escolta sa mga umiiral na alamat at kwentong bayan.
3. Masuri ang historikal at kultural na konteksto ng impluwensya ng Escolta sa pagkakaunawa ng kabataan sa mga alamat at kwentong bayan.
4. Matukoy ang ugnayan ng mga alamat at kwentong bayan sa panahon ng kolonyalismo sa umiiral na makabagong mga kwentong pinaniniwalaan ng kabataan sa Escolta.

Ikatlong Paksa:

**"*Cherry on Top!*": Historikal na Pagsusuri sa Kaugnayan ng Bubblegum Pop Music sa Tagumpay ng Bini**

Likas na sa mga Pilipino ang pagiging masayahin kung kaya't hindi na bago ang pagpukaw ng masayahing mga kanta sa ating atensyon. Dahil dito, noon pa ma'y sikat na ang *bubblegum pop music* sa bansa na buong pusong tinatangkilik ng masa. Ang layunin ng papel na ito ay masuri ang pagbabago at transisyon ng *bubblegum pop music* mula noong dekada '70 hanggang sa kasalukuyan, at paano ito naging epektibong kasangkapan ng Bini sa pagkamit ng pagkilala sa industriya ng OPM.

Katanungan:

1. Ano ang mga pangunahing elemento ng *bubblegum pop music* na nakahikayat sa masa noong dekada '70 na siyang matatagpuan sa musika ng Bini?
2. Paano na-impluwensyahan ng kultural at historikal na konteksto ng Pilipinas ang pagtanggap sa *bubblegum pop music* hanggang sa kasalukuyan nitong anyo sa P-pop?
3. Ano ang kaugnayan ng *upbeat* na tema sa *bubblegum pop music* ng Bini sa *cultural values* ng mga Pilipino gaya ng pagiging masiyahin?

Layunin:

1. Masuri ang ebolusyon ng *bubblegum pop music* mula noong dekada '70 hanggang sa kasalukuyan, sa historikal na konteksto ng Pilipinas.

2. Masuri ang kultural at historikal na salik na nakatulong sa katanyagan ng *bubblegum pop* sa Pilipinas.
3. Masiyasat ang impluwensya ng *cultural values* ng mga Pilipino sa *bubblegum pop music* na ginagawa ng Bini.
4. Masiyasat kung paano na-impluwensyahan ng *nostalgia* sa klasikong *bubblegum pop music* ang kasikatan ng Bini sa iba't ibang henerasyon.

Ikaapat na Paksa:

**Delulu is the Solulu: Pagsusuri sa Epekto ng Pag-usbong ng *Alternative Universe* sa X (dating Twitter) at Tiktok sa Filipino K-Pop Fandoms sa Lente ng *Postmodern Fiction***

Ang pag-usbong ng *Alternative Universe* o dating kilala bilang *"Twitter Serye"* ay isa sa *creative outlet* na ipinanganak ng kontemporaryong sining sa *social media.* Habang lumalawak ang impluwensya nito sa *local entertainment industry* ng Pilipinas, umabot na rin ito sa *stan culture* ng *Philippine-based* K-Pop *fandoms*. Ang layunin ng papel na ito ay suriin ang epekto ng pag-usbong ng *Alternative Universe* sa *stan culture* ng X (dating Twitter) at Tiktok kung saan laganap ang konsepto ng *parasocialism* at *simulacrum*, at suriin ang mga simbolong nakikita sa gawa-gawang iskrin ng mga tagahanga (simulacrum) upang maiugnay ang direktang epekto nito sa kanilang mga iniidolo (parasocialism).

Katanungan:

1. Paano na-impluwensyahan ng *alternative universe* ang *dynamics* ng *stan culture*, partikular sa aspeto ng *fan interaction, engagement,* at identidad sa *Philippine-based* K-Pop *fandoms?*
2. Paano pinalaganap ng *alternative universe* ang *parasocial* na relasyon ng mga tigahanga sa kanilang mga idolo, partikular sa *Philippine-based* K-Pop *fandoms*?
3. Ano ang mga salik na nakaaapekto sa katanyagan ng *alternative universe* sa *Philippine-based* K-Pop *fans* at ano ang pinagkaiba nito sa X (dating Twitter) at Tiktok?

Layunin:

1. Matukoy ang mga pangunahing salik na nakatutulong sa katanyagan ng *alternative universe* sa *community engagement* sa *Philippine-based* K-Pop *fandoms.*
2. Masiyasat ang apliksyon ng konseptong *simulacrum* ni Baudrillard sa pagbuo ng *alternative universe* sa *digital spaces* sa Pilipinas.
3. Masuri ang bahagi ng *parasocial relationships* sa *engagement* ng mga tigahanga sa naratibo ng *alternative universe,* partikular sa *Philippine* K-Pop *fandoms*.
4. Masuri kung paano mas pumapatok at hinahamon ng mga tema at naratibo sa *alternative universe* ang tradisyunal na paraan ng pagku-kwento.

Ikalimang Paksa:

**_“May Tatalo Pa Ba sa Pasko ng Pinas?”_ : Isang Etnograpikong Pag-aaral sa _“Ber Months”_ na Tradisyon ng Pilipinas Bilang Paghahanda sa Pinakamahabang Pasko sa Mundo**

Tuwing sasapit ang unang araw ng Setyembre, maririnig na sa bawat sulok ng *mall* ang mga awitin ni Jose Mari Chan, tanda na nagsisimula na ang *Christmas season* sa bansa. Nag-uumpisa na ang pagbebenta ng mga parol, dekorasyon, pati na ang pagbuo ng *Christmas tree* sa kanya-kanyang mga tahanan na siyang nakapagbigay ng titulo sa Pilipinas bilang bansang may pinakamahabang pasko sa buong mundo. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang pangunahing motibasyon ng mga Pilipino sa pagsasagawa ng tradisyon ito pati na ang impluwensya ng *cultural values* ng bansa.

Katanungan:

1. Paano na-iimpluwensyahan ng *Filipino values* sa pamilya, komunidad, at relihiyon ang pagdiriwang ng mahabang pasko sa Pilipinas tuwing *ber months*?
2. Ano ang motibasyon ng mga Pilipino na simulan ang paghahanda sa pasko at paano nito nasasalamin ang kanilang kultural na identidad?
3. Paano nababalanse ng mga pamilyang Pilipino ang mga elemento ng relihiyon at seglar sa pagdiriwang ng Pasko?

Layunin:

1. Masuri ang mga pangunahing *Filipino values* sa pamilya, komunidad, at pananampalataya na nakaaapekto sa maagang pagdiriwang ng Pasko.

2. Matukoy ang motibasyon sa likod ng maagang pagsisimula ng pagdiriwang ng Pasko, at paano ito nakaaapekto sa kultural na identidad ng bansa.
3. Masiyasat ang balanse sa pagitan ng relihiyon at seglar na elemento sa pagdiriwang ng Pasko, at ang *values* na gumagabay sa balanseng ito.
4. Tuklasin ang makasaysayang ebolusyon sa pagdiriwang ng mahabang Pasko sa Pilipinas, at ang mga salik na nakaaapekto sa pananatili nito.